# JESUS > Mas Mabuting Kasunduan

WEEK 7

## WARM-UP

- Isipin ang isang pagkakataong natupad mo ang pangako mo sa isang tao. Paano siya tumugon? Ano ang ginawa mo upang matupad ang pangakong iyon?
- May nangako na ba sa 'yo pero hindi niya natupad? Ikwento ang pangyayari.
- Balikan ang isang panahong nangako ka pero hindi mo ito natupad. Ano ang ginawa mo pagkatapos? Paano tumugon ang mga taong naapektuhan ng iyong ginawa?

## WORD

[20]*Mas mabuti ang bagong pag-asang ito dahil nilakipan ito ng Dios ng panunumpa. Hindi siya nanumpa nang gawin niyang mga pari ang lahi ni Levi,* [21]*pero nanumpa siya nang gawin niyang pari si Jesus. Ito ang sinasabi ng Kasulatan: "Sumumpa ang Panginoon na ikaw ay pari magpakailanman. At hindi magbabago ang pasya niya."* [22]*Kaya si Jesus ang naging katiyakan natin sa isang mas mabuting kasunduan.* **HEBREO 7:20–22**

(Basahin din ang **HEBREO 7:23–28.**)

Ang tipan ay isang matibay na kasunduan kung saan ang dalawang panig na hindi magkapamilya ay nagiging isang pamilya. Ang isang tipan ay may mga pagkakahawig sa isang kasunduan o kontrata kung saan ang parehong panig ay nangakong tutuparin ang bahagi nila. Noong unang panahon, ang tipan ay itinuturing na sagrado, at kapag hindi tinupad ng isa ang kanyang bahagi, may kapalit itong parusa o mabigat na kahihinatnan. Sa Lumang Tipan, nakipagkasundo ang Diyos sa bayang pinili Niya, ang Israel. Pero paulit-ulit nilang sinira ang kasunduan sa pamamagitan ng kanilang kasalanan laban sa Diyos. Kailangang maghandog muna ang mga pari ng mga alay at sakripisyo upang mapatawad at hindi maparusahan ang mga tao. Dahil dito, isinugo ng Diyos si Jesus at hinirang Siya bilang pinakahuling punong pari at tagapagpatibay ng isang bago at *mas mabuting kasunduan*. Ngayon, titingnan natin kung ano ang dahilan bakit mas mabuti ang kasunduang ito.

## APPLICATION

- Naniniwala ka ba na pinatawad na tayo ng Diyos sa lahat ng kasalanan para sa lahat ng panahon dahil kay Cristo? Paano maipapakita sa buhay mo ang katotohanang ito? Ano ang mababago sa paraan ng iyong pamumuhay?
- Ngayong alam mong si Jesus ang tagapagpatibay ng bagong tipan, paano ka mas makakaasa sa Kanya habang sinusunod mo ang Diyos at namumuhay ka nang may kabanalan?
- Magbanggit ng dalawang tao na pwede mong akayin na kilalanin si Jesus at ang Kanyang mas mabuting kasunduan. Paano mo sila matutulungan na sumunod sa Kanya at mamuhay nang tulad Niya?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos para sa Kanyang Anak na si Jesus dahil sa pamamagitan Niya ay nararanasan natin ang mas mabuting kasunduan at ang Kanyang katapatan sa lahat ng Kanyang mga pangako.
- Hilingin sa Diyos na tulungan kang makaunawa at makapamuhay nang may pananampalataya, dahil alam mong ang kasunduan ng Diyos ay ganap at hindi nagbabago kay Cristo. Ipanalangin na matanggap mo ang biyaya at lakas na makapamuhay ayon sa Kanyang salita.
- Ipanalangin na magkaroon ka ng lakas ng loob na ibahagi si Cristo sa mga tao sa paligid mo. Nawa'y mahikayat mo silang tumingin kay Cristo at magtiwala sa katiyakan ng Kanyang kaligtasan at mga pangako para sa atin.

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

© 2025 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Daisy Cayos, Bruce Chua, Romeo Mercado, Ruth Gloria, Chrysse Pili, Janine Pineda, Mona Pondales, Ian Susi, Jasmine Villegas, Kriscel Wee

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.

## 1 Ang mas mabuting kasunduan ay ginarantiya ni Cristo.

*Kaya si Jesus ang naging katiyakan natin sa isang mas mabuting kasunduan.* **HEBREO 7:22**

Sa lumang tipan ng Diyos at ng Israel, nakaranas ang mga tao ng pagpapala o parusa batay sa kung gaano nila natutupad ang kasunduan. Sa kasamaang-palad, madalas ay hindi natutupad ng Israel ang bahagi nila, kaya paulit-ulit silang dinidisiplina ng Diyos. Ngunit dahil kay Jesus, tayong mga nananampalataya sa Kanya ay naging bahagi ng isang bago at mas mabuting kasunduan, na Siya mismo ang nagpatibay. Si Jesus ang tumanggap ng lahat ng sumpa at kaparusahan para sa atin dahil sa ating mga kasalanan at pagkukulang. At higit pa roon, ang Kanyang perpekto at walang kasalanang buhay ay natanggap natin, at dahil dito ay natupad ang mga hinihingi ng kasunduan. Ano ang ibig sabihin ng isang "garantiya?" At paano ito nagbibigay ng kapanatagan sa atin?

## 2 Ang mas mabuting kasunduan ay permanente.

*[24]Ngunit si Jesus ay walang kamatayan, kaya hindi naililipat sa iba ang pagkapari niya. [25]Kaya maililigtas niya nang lubos ang sinumang lumalapit sa Dios sa pamamagitan niya, dahil nabubuhay siya magpakailanman upang mamagitan para sa kanila. . . . [27]Hindi siya katulad ng ibang punong pari na kailangang maghandog araw-araw para sa kasalanan niya, at pagkatapos, para naman sa mga kasalanan ng mga tao. Si Jesus ay minsan lang naghandog para sa lahat nang ialay niya ang kanyang sarili.* **HEBREO 7:24–25, 27**

Mayroon tayong mas mabuting kasunduan dahil si Jesus, ang ating Punong Pari, ay walang hanggan. Ang Kanyang katangian ang nagbibigay katiyakan na ang kasunduang ito ay permanente. Matapos Niyang ialay ang sarili at mamatay para sa ating mga kasalanan, muli Siyang nabuhay at patuloy na nabubuhay magpakailanman. Walang kapangyarihan ang kamatayan sa Kanya, at hindi ito makahahadlang sa Kanya sa pagtupad ng kasunduan para sa atin. Bilang ating Punong Pari magpakailanman, tinitiyak ni Jesus na may daan tayo patungo sa trono ng biyaya ng Diyos. Sa pamamagitan Niya, makakalapit tayo sa Ama at mararanasan ang ugnayang ibinigay ng kasunduang ito. Paano nabago ng katotohanang ito ang pananaw mo sa kasalukuyan at sa hinaharap?

## 3 Ang mas mabuting kasunduan ay kumpleto.

*[25]Kaya maililigtas niya nang lubos ang sinumang lumalapit sa Dios sa pamamagitan niya, dahil nabubuhay siya magpakailanman upang mamagitan para sa kanila. . . . [27]Hindi siya katulad ng ibang punong pari na kailangang maghandog araw-araw para sa kasalanan niya, at pagkatapos, para naman sa mga kasalanan ng mga tao. Si Jesus ay minsan lang naghandog para sa lahat nang ialay niya ang kanyang sarili.*
**HEBREO 7:25, 27**

Bilang ating Punong Pari, hindi kailangang linisin ni Jesus ang sarili o maghandog muna para sa sarili Niyang kasalanan bago Siya mamagitan para sa atin. Siya lamang ang natatanging walang kasalanan. Hindi tulad ng mga handog na inialay ng mga punong pari sa lumang tipan, ang handog ni Jesus ay may kakayahang magligtas nang lubos. Ang isang beses Niyang pag-aalay ng Kanyang sarili ay sapat na para sa lahat ng tao, hindi lang para sa Israel. Sapat ito para sa lahat ng uri ng kasalanan, kabilang na ang mga hindi sakop ng mga alay sa Lumang Tipan. Sapat ito sa lahat ng panahon, sinasakop ang mga kasalanan sa nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap. Ang handog ni Jesus ay sapat upang tuparin ang lahat ng bahagi ng ating kaligtasan, kasama na ang kapatawaran, pagbabago, at kaluwalhatian. Anong uri ng ugali at paniniwala ang dapat na taglay natin, ngayong alam natin na ganap na ang ating kaligtasan kay Cristo?